# Camarines Norte tinaman ng 'flashfloods'; Gov. Typoco, Jr. namahagi ng 'relief goods' sa mga biktima


BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


nasa loob


EDITORYAL 4
PIKTORYAL 5
Salamat Gob HELP column p 2




Basahin sa pahina 7





*Itaas: Ang pamamahagi ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ng relief goods mula sa pamahalaang panlalawigan at kay Sen. Manny Villar sa Brgy. Bagasbas at Brgy. IV sa bayan ng Daet na naapektuhan nang labis na pagbuhos ng ulan dito sa lalawigan na nagdulot ng pagkawala ng supply ng tubig at pagbaha sa ilang mababang lugar dito sa Camarines Norte. Sa kanang bahagi sa itaas: Ang aerial view ng Labo river na umapaw dulot ng labis na pagbuhos ng ulan dito sa lalawigan at pumutol sa supply ng tubig sa ilang bayan sa Bikol-speaking towns at sumalanta rin sa ilang kabahayan sa bayan ng Labo, Camarines Norte; (**Nasa loob na larawan: Ang matinding pagbaha na sinapit ng Brgy. Contod, Vinzons, CN***





## Rizal Day ginunita at ipinagdiwang

Nagpalabas ng Atas Tagapagpaganap Blg. 2008-08 ang tanggapan ng Punong Lalawigan sa pamumuno ni Kgg. Jesus O. Typoco, Jr. para sa pagdiriwang ng ika-112 taong anibersaryo ng pagiging martir ni Gat. Jose P. Rizal, at ang ika-110 anibersaryo ng pagkakatatag ng unang Bantayog ni Rizal sa buong mundo na matatagpuan dito sa Daet, Camarines Norte.

Inaatasan nito ang mga kinauukulang tanggapan at ahensya na magsagawa ng mga angkop na aktibidad at programa na nakatuon sa temang, *"Rizal's Martyrdom: A Call for National Renewal Towards National Survival"*.

Ang taunang paggunita sa pagiging martir ng ating pambansang bayani ay isinasagawa hindi lamang sa iba't-ibang panig ng ating bansa kung hindi sa ibang panig man ng mundo na patuloy na nagbibigay-pugay at naniniwala sa mga ideolohiya ni Gat Rizal.

Sa selebrasyon ng kanyang pagka-martir ngayong taon, magsasagawa muli ng mga angkop na gawain sa bansa sa ika-30 ng Disyembre, 2008.

Dito sa Camarines Norte, pinangunahan muli ng pamahalaang panlalawigan ang naturang pagdiriwang sa pamamagitan ng *Museum, Archives & Shrine Curation Division- .Office of the governor (MASCD-GO.)* at sa pakikipagtulungan ng *Order of the Knights of Rizal* at *Daet Lions Club International*.

Kabilang sa mga aktibidad na isinagawa rito ay ang *Inter- High School Oratorical Contest* na ginanap sa Audio Visual Production Center (AVPC), *2nd floor Provincial Capitol Annex*.

Ang mga nanalo rito ay ang mga sumusunod: Marezscka V. Espanillo ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)* – unang gantimpala; Roneth L. Basilio ng *Basud National High School (BNHS)* – pangalawang gantimpala, at; Louise P. Tuibeo ng *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF)* – pangatlong gantimpala.

Samantala, isina-

*Sundan sa pahina 3)*

Ang patnugutan ng Batingaw sa pamumuno ni Gov. Jesus O. Typoco, Jr. ay bumabati ng

**Maligayang Pasko sa inyong Lahat**

# Extra X'mas bonus natanggap ng mga empleyado ng kapitolyo



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Tinanggap kamakailan ng may 744 opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, ang kanilang P15,000.00 *extra bonus*. Kabilang sa mga tumanggap nito ay ang mga *casual employees* na nakatalaga sa iba't-ibang kinauukulang tanggapan nito.

Ang naturang bonus ay bukod pa sa regular na benepisyong ipinagkakaloob sa kanila tulad ng *13th month pay* at P5,000.00 *cash gift* na una na nilang tinanggap.

Tinataya namang umabot sa kabuuang P11,160,000.00 pondo ang ginugol ng pamahalaang panlalawigan para sa naturang '*extra bonus*' na kinuha mula sa nalikom na *savings* ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Ang pagkakaloob ng naturang benepisyo ay sinuportahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. para magkaroon ng masagana at masayang pasko ang lahat na mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang kanilang mga pamilya.

Matatandaan na una nang ipinag-utos ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pagkakaloob ng P10-L '*extra bonus*' sa mga opisyal at kawani ng mga pambansang ahensya at tanggapan bilang insentibo sa kanilang mga natatanging nagawa para sa taong 2008.

Samantala, ang naturang '*extra bonus*' ay ipinagkaloob sa mga kwalipikadong opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan susog sa Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 533-2008, ang resolusyon na nagaproba sa *Appropriation Ordinance No. 56-2008* ng pamahalaang panlalawigan. Ang naturang resolusyon ay iniakda at sinulong ni Bokal Jonah G. Pimentel na sinang-ayunan at inaprobahan naman ng mayorya ng Sanggunian.

Bilang regalo sa mga *job orders/ service contract workers* ng pamahalaang panlalawigan, ipinalabas naman ni Gobernador Typoco ang *Memorandum No. 081215-01* na nagtatakda sa pagtataas ng kanilang *wage rate* ngayong buwan ng Disyembre. Ang halagang gugugulin dito ay kukunin sa *budgetary reserve na ipinataw sa 2008 MOOE appropriations*. ***LT IBASCO***

# 31st Nat'l. Disability Prevention and Rehabilitation Week isinagawa

Isinagawa kamakailan sa *Audio-Visual Production Center (AVPC)* ng Kapitolyo Probinsyal ang isang *orientation forum* para sa mga may kapansanan o *persons with disabilities (PWDs)* kaugnay sa selebrasyon dito ng *31st National Disability Prevention and Rehabilitation Week*. Ito ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*.

Taun-taon itong ipinagdiriwang upang maipahayag ng mga *PWDs* ang kanilang mga pananaw at pangangailangan, mabigyan ng pansin ang kanilang panawagan na kilalanin ng lipunan ang kanilang mga kakayahan at ituring silang kapaki-pakinabang na mamamayan ng bansa.

Pinakatampok na aktibidad sa naturang *orientation forum* ang pagtalakay ni Sammy Buenconsejo ng *DSWD Regional Office* 5 Legazpi City sa *R.A.9442 – "An Act Amending R.A. 7277* na mas kilala bilang *"Magna Carta for Persons with Disability, as amended, and for Other Purposes*.

Itinatakda ng naturang batas ang pagbibigay ng mga karagdagang pribilehiyo at insentibo sa mga *PWDs* at ang pagbabawal sa pagsasalita ng masama at pang-iinsulto sa kanila. Pinalawak nito ang mga benepisyo ng mga *PWDs* sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga diskwento at insentibo hindi lamang sa pamasahe kundi pati na rin sa mga establisimyento tulad ng mga restawran, *lodging houses*, at *sports and recreational centers*. Pangunahin dito ang 20% diskwento nila sa pagbili ng mga gamot, pagbabayad sa mga serbisyong medikal, mga pangunahing pangangailangan at kagamitan, at pribilehiyong pang-edukasyon. Malaking tulong ito sa kanila sapagkat sa pamamagitan nito nararamdaman nila na ang kanilang mga karapatan ay kinikilala ng mga kinauukulang sektor at tanggapan.

Bilang karagdagan, ang naturang aktibidad ay dinaluhan ng mga opisyal at kinatawan mula sa iba't-ibang ahensya na patuloy at walang sawang sumusuporta sa mga programa at proyekto para sa kapakanan ng mga *PWDs*. Ito ay kinabibilangan ng *Department of Interior and Local Government (DILG), Provincial Prosecutor's Office (PPO), Bureau of Internal Revenue (BIR), Municipal Social Welfare and Development Offices (MSWDOs), Jollibee-Daet Branch, Villa Mila Hotel and Restaurant, Department of Social Welfare and Development Regional Office 5 (DSWD RO 5), Department of Health Regional Office 5 ( DOH RO 5), New South Star Drug, Mercury Drug, Wiltan Hotel and Restaurant, Department of Trade and Industry (DTI), Camarines Norte Federation of Persons with Disability (CNFPWD)*, at marami pang iba. ***(APC/ PSWDO)***

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nov. | 6 | Wilma Jean Elep of ,CNSC Labo Campus Brgy. Talobatib, Labo for her tuition fee | P2,000.00 |
| | 10 | Jimmy Leynes of Brgy. 2, Daet for their inauguration of Purok Officers | 1,000.00 |
| | | Rudy Diezmo of Brgy. Mancruz, Daet for DAFIPO (Daet Federation of Purok Officials) | 1,500.00 |
| | | Antonia de Luna of Poblacion I, Basud for the enrollment fee of Marian Jeanine V. de Luna of CNSC | 1,000.00 |
| | | Marites Tulay of Brgy. I, Mercedes for the Hospital Bill of Daniel Tulay | 400.00 |
| | | Eugenio Extremadura of the Cams. Norte School for Law for his tuition fees | 12,100.00 |
| | | Ex-PB Lydia Cardeño of Brgy. Gaboc, Mercedes for livelihood assistance | 500.00 |
| | 11 | PB Salvador Heraldo, Jr. of Brgy. Bagumbayan, Paracale for their fiesta celebration | 3,000.00 |
| | | Sylvia Ricafort of Brgy. Cabanbanan, San Vicente for medicine assistance | 500.00 |
| | | Total | **P22,000.00** |
| Dec. | 11 | Kgd. Nimfa E. dela Peña of Brgy. San Pedro, J. Panganiban for their Christmas Raffle Draw | 500.00 |
| | | Conchita Rampas of Sr. Citizen's Office of Talisay for Oath Taking Ceremony | 500.00 |
| | | Rosario San Juan of Jesus the New & Living Way Ministries, Inc. for their project (Pre-School Learning Center) | 500.00 |
| | 15 | Nelson Y. Agna of CNPH TODA, Inc. for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Kgd. Azucena Q. Elep of Brgy. Langga, Basud for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Adriano A. Majores, Jr. of San Lorenzo Ruiz, Jeepney Operators Drivers Assn. (SLR-JODA) for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Feliciano C. Arrogante, Jr., President of Kapisanan ng mga Kapansanan sa Alawihao for their Induction Ceremony | 1,000.00 |
| | 16 | Arnulfo Limcayco y Tabor Jr., of Brgy. Anahaw, Labo for his medical assistance | 1,000.00 |
| | | Ereberto Jerez, President of Sr. Citizen of Brgy. Sabang, Vinzons for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Arturo Bermas of Brgy. IV, Daet for the Christmas Party of their Purok—1 lechon | 5,000.00 |
| | | Teodolo Socao, Jr. Treasurer of Mercedes Portes Assn. (MPA) for their Christmas Party | 500.00 |
| | | Jomar Ibasco of Purok II, Brgy. Gahonon, Daet for Transportation Assistance | 500.00 |
| | | Rosita Espinosa of Brgy. Matoogtoog, Mercedes for medicine assistance to Joselito Espinosa | 500.00 |
| | | Arsenia Abraham of Brgy. Mantagbac, Daet for tuition fee of Jojo Abraham at Micro-system | 300.00 |
| | 17 | Lodivina Yamzon of Brgy. Pambuhan, Mercedes for medicine assistance to Kennedy Yamzon | 500.00 |
| | | Lucio Ofalsa of Brgy. Dagang, Paracale for medicine assistance to Marial Ofalsa | 500.00 |
| | | Jelita Atole of Brgy. Iraya Sur, San Vicente for medicine assistance to Geneva Atole | 500.00 |
| | | Francisco P. Villan, Secretary of SIMITODA for their Christmas party | 1,000.00 |
| | | Ernesto P. Talla, Chairman, Daet Chapter Philippine Guardians Brotherhood, Inc. (PGBI), for their Christmas party | 1,000.00 |
| | | Judy A. Lallego, President of Brgy. Police Federation of Labo for their Christmas party | 1,000.00 |
| | | Erika P. Legazpi, SK Chairman of Brgy. Calero, J. Panganiban for their Christmas party | 500.00 |
| | | Antonio Banloy, Jr., Prurok Chairman of P-7, Brgy. 5 for their Christmas party | 500.00 |
| | | Total | **P39,800.00** |

## Boses ng kabataan

# Mga bata, magpahayag!

Araw-araw ay daan-daang mga bata ang nahuhulog sa kamay ng mga *trafficker* pero mahirap silang makita dahil sadya silang itinatago.

Kadalasan ay huli na bago pa sila masagip: Nakaranas na sila ng grabeng pagtrato gaya ng pananakit, panggagahasa, gutom, kawalan ng edukasyon at pangangalaga sa kalusugan.

Ang ***Republic Act 9208*** (***2003 Anti-Trafficking in Persons Act***) ay nagpapataw sa nasasakdal ng matitinding parusa hanggang *life imprisonment*. Pero mula ng maitakda ang *human trafficking* bilang isang karumal-dumal na krimen noong 2003 ay humigit-kumulang sa isang libong kaso pa lamang ang nairereport sa mga awtoridad.

PARAAN SA PAGHANAP NG MGA BIKTIMA

Ang *human trafficker* ay mahusay gumawa ng mga pekeng dokumento gaya ng mga *permit, police clearance, birth certificate* at *passport*.

Kaya nga **kung hindi sigurado kung menor de edad nga ba o hindi ang isang biktima ng *human trafficking* ay dapat lang na ituring itong isang bata at bigyan ito ng espesyal na pangangalaga bilang isang bata.**

Nakasaad sa *ASEAN Guidelines for the Protection of the Rights of Trafficked Children* ang ilang kaparaanan upang malaman ang edad ng biktima::

- *Medical* at *dental examination* para malaman ang edad
- Mga dokumento ng kapanganakan
- Mga dokumento ng pamilya ng biktima
- Mga ID
- Mga *record* sa paaralan
- Pisikal na katangian
- Antas ng pag-iisip
- Pahayag ng biktima
- Testimonya ng mga tao na personal na nakakakilala sa bata
- Rekord ng mga tradisyunal at relihiyosong gawain na tumutukoy sa edad

Ang pagkilala sa mga batang biktima ng *trafficking* ang pinakamahalagang hakbang para matulungan sila. Pero maging ang mga eksperto gaya ng mga pulis, *social worker* at *immigration officer* ay hirap din sa pagtukoy sa mga batang biktima.

PARTISIPASYON NG MGA BATA SA PAGKILALA AT PAGSAGIP SA MGA BATANG BIKTIMA NG *TRAFFICKING*:

Ang kampanyang ito ay magandang pagkakataon para makalahok ang mga bata sa paghahanap at pagsagip sa mga batang biktima ng *human trafficking.*

Mahusay na tagapahayag ang mga bata, lalo

(Sundan sa pahina 9)

# Pinakaunang Provincial Youth Congress isinagawa

Ang *Student Coordinating Body (SCB)* ng of *La Consolacion College of Daet (LCCD)* sa ilalim ng pamamahala ng gobernador nito na si *Boy Governor* Edmunds A. Yuzon, Jr. ay malugod na tinanggap ang mga delegado sa kauna-unahang *Provincial Youth Congress* na isinagawa dito sa Camarines Norte.

Isinagawa ito kamakailan sa *Central Plaza Mall Atrium* sa ilalim ng temang, "*Student Leaders: Then and Now*".

Dinaluhan ito ng mga *student leaders* at *officers* mula sa iba't-ibang *government student organizations* ng mga pribado at pampublikong paaralang sekondarya sa buong lalawigan.

Kabilang sa isang araw na aktibidad ang isang *open forum* at *discussion* tungkol sa konsepto ng isang mabuti at epektibong *student leader*, mga kasalukuyang isyu at angkop na ideya/kaisipan gayundin ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kabataan tungo sa pagbabago at pag-unlad ng bansa

Ang programang isinagawa kaugnay nito ay tinampukan ng mga mensahe nina Sr. Aquilina D. de Rueda, *OSA* at *Principal* at Dolores B. Pandi, *Coordinator of Student Affairs* ng *LCCD*,

Naging panauhing pandangal at tagapagsalita rito si Dr. Arnulfo Balane, *Assistant Schools Division Superintendent* ng *Department of Education (DepEd)*

(Sundan sa pahina 8)

# Ika- 26 na taon ng Boys and Girls Week ipinagdiwang sa CNorte

Pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan at Kiwanis Club of Daet ang *26th Boys and Girls Week Celebration (BGW)* sa lalawigan sa pakikipagtulungan ng *Department of Education (DepEd)*, mga Pamahalaang Bayan ng Daet at Basud, at; Sangguniang Kabataan *Provincial Federation.*

Isinagawa ito noong Disyembre 6-12 sa bisa ng Atas Tagapagpaganap Blg. 2008-29 na ipinalabas ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. alinsunod sa *Presidential Proclamation No. 99*. Ito ay nilahukan ng mga mag-aaral sa sekondarya na napiling kinatawan ng kani-kanilang mga paaralan sa buong lalawigan, pampubliko o pribado man.

Nagsimula ang 1-linggong selebrasyon noong Disyembre 6, 2008 sa pamamagitan ng *orientation and election of boy and girl officials* kung saan tinalakay ng mga kinauukulang tagapagsalita ang *mechanics of BGW;/ youth empowerment under the local government code, group dynamics,* at; *parliamentary rules and procedures*. Nagkaroon din ng *workshop/open forum leadership* ukol sa huling paksa upang higit itong maunawaan ng mga kalahok. Pinakatampok na gawain dito ang eleksyong isinagawa kung saan ang mga kabataan mismo ang pumili ng kanilang *youth officials* mula sa posisyong kongresista, gobernador, bise gobernador, bokal hanggang sa mga konsehal ng mga

(Sundan sa pahina 6)

# Rizal Day...

(Mula sa pahina 1)

gawa naman ang *Flag Raising Ceremony* noong ika-30 ng Disyembre, 2008 ganap na ika- 8:00 ng umaga sa *Provincial Capitol Ground, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte*. Dinaluhan ito ng mga kinauukulang opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan gayundin ng mga pinuno mula sa mga pambansang ahensya na nakabase sa lalawigan. Tinampukan ito ng *prelude* at *doxology* na pinangunahan ng grupong Teatro Karanasan gayundin ang *tableau* sa saliw ng tugtog ng St. Francis Parochial School DXC. Nagpaunlak din ng isang *interpretative dance* ang Teatro Karanasan.

Kaugnay nito, inilahad naman ni Abel C. Icatlo, *museum curator I* ng *MASCD-G.O.* ang *brief backgrounder* ukol sa pagkakatatag ng kauna-unahang monumento ni Gat Jose P. Rizal sa buong mundo na matatagpuan dito lamang sa Camarines Norte.

Ang maikling mensahe ni Gob. Typoco, Jr. para sa nabanggit na okasyon ay ibinigay ng kanyang kinatawan na si Bokal Joeffrey B. Pandi. Isinagawa rin dito ang pagsumpa sa tungkulin ng mga opisyal at miyembro ng grupong Teatro Karanasan na pinangasiwaan ni Bokal Pandi bilang *inducting officer*.

Pormal na nagtapos ang pagdiriwang dito ng ika-112 taong anibersaryo ng kamatayan ni Gat Rizal sa pamamagitan ng *ceremonial floral offering* na pinangunahan nina Kristine Mae at Kimberly Baluzo, at sinundan ng mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang lokal at nasyonal at ilang pansibikong organisasyon dito. -*AIDA B. PANDEAGUA*

# Mga empleyado...

(Mula sa pahina 7)

Mark Julius Litana. Dumalo rin dito ang ilang punong bayan ng lalawigan.

Pinakatampok na aktibidad dito ang Pamaskong Handog ni Gob. Typoco, Jr. kung saan nagpa-*raffle* muli ng iba't-ibang *home appliances and furnitures* at iba pa. Ang naturang mga papremyo ay mula sa personal na pera ng gobernador. Sinagot din ng gobernador ang litson at inumin sa naturang okasyon.

Katulad nang nakagawian na, nagkaroong muli ng mga nakaaaliw na *parlor games* na isinagawa sa pagitan ng pag-*raffle*. Ang naturang palaro ay pinangasiwaang muli ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO).*

Karamihan sa mga *raffle prizes* ay naiuwi ng mga opisyal at kawani ng *Provincial Health Office (PHO), Provincial Custodial and Security Services Division-Office of the Governor (PCSSD-G.O.),* at *Provincial Engineer's Office (PEO)*.

Nagbigay naman ng pang-aliw na bilang ang mga tanggapan ng *PHO, Provincial Assessor's Office (PassO), Sangguniang Panlalawigan (SP),* at *PPDO*. Ang bawat grupo ay pinagkalooban naman ng halagang P2,000.00 ng butihing gobernador.

Samantala, hindi lamang mga opisyal at kawani ng Kapitolyo ang pinapaskuhan ng gobernador. Pinagkalooban din niya ng kaukulang halaga ang mga kabataan at nakatatanda na nagtungo sa kanyang tanggapan noong Disyembre 15-24, 2008.

Matatandaan na taun-taon itong isinasagawa ni Gob. Typoco, Jr. tuwing buwan ng Disyembre upang mapasaya ang kanyang mga kababayan. —***LT IBASCO***




EDITORYAL

# Sama-samang pagkilos magandang pangitain

Ang nakaraang paggunita sa pagkakadeklara ng December 12 bilang ***International Day Against Child Trafficking*** na kilala rin bilang ***Palermo Protocol*** sapagka't ang nasabing deklarasyon ay isinagawa sa Palermo, Italy, ay naging matagumpay rito sa Camarines Norte at nakapagdulot ng magandang pangitain at pag-asa sa mga kabataang biktima ng ***trafficking*** at sa mga maaaring mabiktima rin.

Kasama rin ditong binigyang-pansin ang mga kababaihang madaling mabiktima ng mga pang-aabusong pisikal, emosyonal at sekswal pareho ng mga kabataan.

Napataas ng sama-samang pagkilos ng mga kinauukulan ang antas ng kamalayan ng mga mamamayan sa panganib na dulot ng ***human trafficking.*** Ang mga pamahalaang lokal sa 12 munisipyo na pinangungunahan ng pamahalaang panlalawigan ay pinakilos ang lahat ng mga ahensya pribado man o pampubliko upang makiisa sa kampanya at magdaos ng angkop na gawain upang gisingin ang publiko sa panganib na dulot nito. Sinusugan ito ng DILG at ng DOLE. Aktibo ring nakiisa ang media na may napakahalagang papel dito, mga establisimento at mga paaralan. Higit sa lahat, ay makaantig-damdamin ang naging partisipasyon ng mga ***non-government organizations (NGOs)*** at mismong mga kabataan na nagpahayag ng kanilang saloobin at balaking-pagkilos sa isyu ng ***child trafficking.***

Sa pagpapakita ng inisyatibo ng bawa't sektor ng lipunan sa ating lalawigan para sa kapakanan ng mga kabataan at kababaihan ó ng mga mahihina at madaling mapagsamantalahan nating kababayan, mas sisigla ang mga tumutulong na samahan tulad ng UNICEF, TdH-NL, EU, OAK, ILO, Asia ACTs, Plan Philippines, PACT, atbp. na mapag-ibayo pa ang pagtulong upang mapag-aralan pa ang dahilan ng pananatili ng iba pang problemang humahadlang upang lubusang mapagtagumpayan ang kampanya laban sa ***human trafficking***.

Sana, magpatuloy pa ang ganitong sama-sama at aktibong pagkilos upang masugpo ang salot na sumisikil at yumuyurak sa karapatang pangtao ng mga mahihinang sektor ng ating lipunan.

*Feature*

# Sino ang isang illegal recruiter?

*Ang ILLEGAL RECRUITER ay walang kinikilala, pero maaari natin siyang kilalanin ...*

1. Agad naniningil ng *placement fee* ó anumang kaukulang bayad pero hindi nagbibigay ng *official receipt (O.R.).*
2. Nangangako nang madaliang pag-alis patungo sa ibang bansa.
3. Nagre-*require* agad ng *medical examination* ó *training* kahit wala pang malinaw na *employer* ó kontrata.
4. Nakikipag-transaksyon sa mga aplikante sa mga pampublikong lugar tulad ng *restaurant, mall, etc.* at hindi sa opisina ng lisensyadong ahensya.
5. Nagre-*recruit* sa bahay-bahay ng mga aplikante papuntang *abroad*.
6. Hindi nagbibigay nang sapat na impormasyon tungkol sa ina-aplayang trabaho.
7. Nagsasabi na may kausap na *direct employer* sa abroad at ang aplikante ay hindi na kailangang dumaan sa *Philippine Overseas Employment Administration (POEA).*
8. Nangangako na mabilis na mapapaalis ang aplikante ngunit ang gamit ay "*TOURIST*" ó "*VISIT VISA*".
9. Walang maipakitang *Employment Contract* ó *Working Visa.*
10. Nagpapakilala na taga-*agency* ngunit hindi makapagpakita ng *ID* na ito ay konektado sa nasabing *agency*.
11. Nagpapakilala na konektado sa isang *TRAVEL AGENCY* ó *TRAINING CENTER.*
12. Nanghihikayat sa apikante na mangalap ng iba pang aplikante upang mapabilis ang pagpapaalis.
13. Hindi nagbibigay ó umiiwas na magbigay ng sapat na impormasyon tungkol sa kanyang sarili tulad ng buong pangalan, *address, etc.*
14. Nangangako na ang mga dokumento ng aplikante ay ipapasok sa *government to government hiring* ng *POEA* para mai-*process* **(**Lalong higit ang mga aplikante sa ***KOREA*).**
15. Nakapagpaalis diumano ng isa ó higit pang manggagawa na ang gamit ay "*TOURIST*" ó"*VISIT VISA*", at sa ganitong paraan ka niya hihikayatin para mabiktima.

# Manny Pacquiao...

*(Mula sa pahina 10)*

ng Sangguniang Panlalawigan (SP) kasama ang mga *boy and girl officials* na delegado sa 26[th] *Boys and Girls Week* na taun-taong itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang tanggapan at samahan.

Nakasaad din sa naturang resolusyon na mahirap tularan ang mga panalo at tagumpay na nakamit ni 'Pacman' sa larangan ng boksing. Ang kanyang husay ay kinilala hindi lamang dito sa bansa kundi ng buong mundo man.

Bilang boksingero, nagpamalas siya ng disiplina at dedikasyon at matatag na adhikaing magtagumpay sa lahat ng kanyang laban para makapag-uwi ng karangalan sa ating bansa, kung kaya't siya ngayon ay tinaguriang, *The People's Champ*.

Sa kasalukuyang krisis pang-ekonomiya at pampulitikal na nararanasan ng bansa, nabibigyan niya ng pag-asa at inspirasyon ang bawat Pilipino na narito sa bansa at nasa iba mang panig ng mundo. Halos wala ring naiuulat na anumang insidente ng krimen sa mga araw na mayroon siyang laban.

Ipinakita rin niya ang pagiging relihiyoso sa kanyang mga laban at ang pagmamahal sa kanyang ina at pamilya gayundin sa kanyang

*(Sundan sa pahina 6)*

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Marivic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

**Sigurado ka ba sa kausap mo? Kung hindi ka sure, maaari kang:**

**–**

**Tumawag sa POEA 24-Hour Hotlines: 7221144/7221155**

**–**

**Bisitahin ang Web site www.poea.gov.ph Mag-e-mail sa: Info@poea.gov.ph**

**–**

**Umatend ng Pre-Employment Orientation Seminar (PEOS) Fridays, 9:00 a.m. & 1:00 p.m. 2/F PEOS Rm. Blas F. Ople Bldg. EDSA cor. Ortigas Avenue, Mandaluyong**

**–**

**Maaari ring sumangguni sa pinakamalapit na POEA Regional Office, Regional Extension Unit, POEA Satellite Office ó PESO (Public Employment Service Office) sa inyong lugar.**

# Mga piling larawan





*1) Itinaas ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang switch ng ilaw sa kahabaan ng Sto Domingo, Vinzons na nagbigay ng liwanag sa barangay na ito bilang bahagi ng programa ng gobernador na paliwanagin ang kalsada dito sa lalawigan. Kasama niya rito si Kap. Manuel D. Obusan, Mayor Oliver Ferrer ng Vinzons at Bokal Jonah G. Pimentel; 2) Ang mga Boys & Girls Officials nang sila ay bumisita sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kaugnay ng selebrasyon ng Boys & Girls Week na itinataguyod ng KIWANIS Club of Daet, kasama ang ilang opisyal ng naturang organisasyon; 3) Ang mga sundalo ng 42nd IB PA sa pamumuno ng kanilang commanding officer na si Col Ramon Baldemor kasama si PSEMO Chief Arnel Ferrer nang sila ay nagsagawa ng relief and rescue operation sa pangunguna ng pamahalaang panlalawigan kaugnay ng walang humpay na pagbuhos ng ulan na nagdulot ng pagbaha rito; 5) Pinangasiwaan mismo ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. (naka sombrerong puti) ang pamamahagi ng relief goods mula kay Senador Manny Villar, sa Barangay IV, Mantagbac, Daet na naapektuhan din ng mga pagbaha sa lalawigan.*












# Seminar para sa wildlife enforcement officers isinagawa

Isang seminar para sa mga *wildlife enforcement officers (WEOs)* ang isinagawa kamakailan sa Audio-Visual Production Center (AVPC), 2nd floor Provincial Capitol Annex, Daet.

Ito ay dinaluhan ng may 30 WEOs sa lalawigan kung saan 16 sa kanila ang mula sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo; 7 mula sa Resettlement Area, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz, at; may kabuuang 7 rin sa ilang kinauukulang barangay ng bayan ng San Vicente.

Layunin ng nasabing seminar na muling sariwain sa kaisipan ng mga WEOs ang mga batas pang-gubat, ang angkop na pagpapatupad nito at ang pagpapataw ng kaukulang parusa sa mga lumalabag dito.

Sa isang payak na programang isinagawa bago ang naturang seminar, sinabi ni Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division – Office of the Governor (EERMD-G.O.)* na ang pamahalaang panlalawigan ay laging naglalaan ng pondo para sa *meal allowance* ng mga nakatalagang *WEOs*. Ang unang nakatanggap nito ay ang mga WEOs na dating naitalaga bilang mga *special deputy environment and natural resources officers (SDENROs)* na nakabase sa Brgy. Tulay na Lupa at nasa ilalim ng programang *Community-Based Resource Management Project (CBRMP)* na ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan sa nabanggit na barangay. Kabilang din dito ang lahat na mga SDENROs sa *Abasig-Matogdon Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)* kung saan matatagpuan ang *CBRMP*, dagdag pa ni Engr. Badiola.

Naging pangunahing tagapagtalakay rito sina *Forester* Myrna Balon ng *DENR Regional Office, Legazpi City* at *Forester* Marizon J. Vega ng *Community Environment and Natural Resources Office (CENRO)*, Daet, Camarines Norte.

Ang naturang seminar ay magkatuwang na itinaguyod ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* at pamahalaang panlalawigan sa layuning mas mapaigting ang kampanya nito laban sa iligal na pagputol ng kahoy gayundin ang pagkakaingin, at iba pang uri ng pang-aabuso sa mga likas na yaman ng lalawigan. ***(GC BINAY)***

# Ika- 26 na taon ng Boys and Girls Week...

*(Mula sa pahina 3)*

bayan ng Basud at Daet.

Ang nahalal na *youth governor* ang siya namang nagtalaga *(appoint)* sa iba pang kalahok sa iba't-ibang posisyon sa pamahalaang panlalawigan gayundin ang pagtalaga ng mga *youth officials* na nanungkulan sa mga pamahalaang nasyonal na nakabase sa bayan ng Daet.

Pormal na binuksan ang 1-linggong gawain sa pamamagitan ng *opening ceremonies* noong Disyembre 8, 2008 kung saan bilang kinatawan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ay pinangunahan ni *SP Member* Jonah Pimentel ang *oath taking ceremony* para sa mga *youth officials*. Nagkaroon din dito ng *dialogue- conference with participant counterparts on the structures, Rules, functions, duties and responsibilities of each government offices*. Matapos ito, nagsimula nang manungkulan sa kani-kanilang posisyon ang mga *youth officials*.

Kinabukasan, binisita ng mga *boy and girl officials* ang *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* kung saan malugod silang tinanggap ng kasalukuyang *provincial warden* na si Col. Ramon P. Dominguez *(Ret.)*. Inilahad sa kanila ni Col. Dominguez kung paano nito ipinatutupad ang mga programa at proyekto para ang mga detenido ay mahubog bilang produktibong miyembro ng pamayanan habang nakapiit. Nagtungo rin sila sa *DepEd Division Office* at nag-*courtesy call* kay *Schools Division Superintendent* Elizabeth P. Palo.

Patuloy na ginampanan ng mga *Boy and Girl Officials* ang kanilang mga tungkulin kaalinsabay ang pagdalo sa iba't-ibang aktibidad noong Dis. 10 tulad ng pagbisita sa mga isinasagawang *infrastructure projects* ng pamahalaang panlalawigan; at nag-*courtesy call* din sila sa mga hukom ng *Hall of Justice* para sa posibilidad ng pagdaraos ng isang *mock trial*. Kabilang dito ang pakikipagdayalogo sa mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan/Bayan (SP/B) bilang paghahanda sa isang *Joint Session* sa SP/B kung saan ang *joint session* sa SB ng Daet ay isinagawa kinabukasan, Dis. 11; na sinundan ng pagdalo nila sa isang *Christmas Party and Fellowship* kasama ang mga Kiwanians.

Idinaos naman sa huling araw ang *joint session* nila sa SP na sinaksihan ng ilang *boy and girl officials*. Dumalo rin sila sa *luncheon conference* na isinagawa sa *Golden Palace Restaurant-Daet* kasama ang kanilang *counterpart officials,* at mga opisyal at miyembro ng *Kiwanis Club of Daet*.

Matapos ito, isinagawa agad ang *closing program and awarding ceremony* na tinampukan ng paggawad ng medalya sa lahat ng mga nahirang na mga *youth officials*. Pinagkalooban rin sila ng kaukulang sertipiko sa paglahok sa *orientation on child rights and responsibilities*. Ang pinakahuling aktibidad na dinaluhan nila ay ang *flag retreat ceremony* na isinagawa sa *Provincial Capitol Grounds.*

Kaugnay nito, nakiisa rin sila sa pagdiriwang ng ika–6 na taong anibersaryo ng *International Day Against Child Trafficking* kung saan naging panauhing pandangal sina *Boy Governor* Jorge Anthony G. Recodo ng Vinzons *Pilot High School* at *Boy Congressman* Leonard I. Mapusao ng Talobatib *National High School* na nagbigay naman ng *welcome remarks*. Iprinesenta naman ni *Boy SP Member* Limuel V. Panol ng Don Pablo S. Villafuerte *High School* ang SP Res. No. 564-2008 tungkol sa Adoption ng PHRS Guidelines on the Protection of the Trafficked Child na ipinasa nila.

Bilang karagdagan, ang naitalagang *Girl Community Affairs Officer IV* at *Girl Administrative Officer V* sa *Community Affairs Office (CAO)* ay nakipag-ugnayan sa mga kaukulang *youth officials* para sa paglalathala ng Batingaw Jr. na isa sa mga tampok na gawain ng mga kabataan sa naturang taun-taong aktibidad.

Samantala, ang *BGW* ay taun-taong isinasagawa bilang pagpapatunay sa adhikain ng pamahalaan na ang mga kabataan ay makalahok sa mga gawain ng pamahalaan sa pamamagitan ng paglantad *(expose)* sa kanila sa sistema ng pagpapatakbo ng pamahalaan. Ito ay sa pamamagitan ng kanilang maagang partisipasyon at karanasan sa pamamalakad ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan at hubugin silang maging mga responsableng mamamayan bilang mga susunod na lider ng bansa.


Kaugnay nito, ang mga kinauukulang kabataan ay tinuruan at ginabayan sa paggawa ng minutes, resolutions at ordinances; mamuno at makilahok sa regular at espesyal na sesyon ng SP/B; magmasid at pagaralan ang gawain at tungkulin ng iba't-ibang tanggapan at ahensya ng pamahalaan, at; matamo ang kapakipakinabang at mahalagang karanasan at kaalaman kung paano isinasakatuparan ng mga sangay ng pamahalaan ang kanilang mga responsibilidad. ***LT IBASCO/A SDG***

# Manny...

*(Mula sa pahina 4)*

mga kababayan. Siya ay isang magandang huwaran ng mga kabataan at ng lahat na Pilipino, sa kabuuan.

Nakapaloob din sa resolusyon na ang kopya ng resolusyon ng pagkilala ay ibibigay nila kay Mr. Manny *'Pacman'* Pacquiao sa tahanan nito sa General Santos City para sa kaalaman nito. ***LT IBASCO***




# Kiwanis Club of Reina Daeteña...

*(Mula sa pahina 7)*

*(DepEd*), at G. Joel Orcena, Pangulo ng *Camarines Norte Visual Artist Association*, kung saan sa naturang patimpalak, nangibabaw ang husay at galing ng kinatawan ng *Camarines Norte State College Abaño Laboratory High School (CNSC ALHS)* na si Jerome S. Gamboa na naiuwi ang unang gantimpala. Nasungkit naman ni Frederick B. Gaurino ng nasabi ring paaralan ng *CNSC ALHS* ang ikalawang gantimpala, samantalang ang ikatlong gantimpala ay nakuha naman ni Junie Edwin O. Adlawan ng *Alawihao High School.*

Nagsilbing *coaches* ng mga mahuhusay na mag-aaral mula sa mga naturang paaralan sina Israel C. Lotino, Edwin B. Oro at Arminda G. David, ayon sa pagkakasunod.

Pormal na ipinahayag ang kanilang panalo sa *culminating program* ng *International Day Against Child Trafficking* na isinagawa noong Disyembre 12, 2008 sa *Central Plaza Atrium, Central Plaza Mall* sa Brgy. Lag-on, Daet.

Dito nila tinanggap ang kani-kaniyang gantimpalang salapi at sertipiko na ipinagkaloob ng ***Kiwanis Club of Reina*** sa pamamagitan ng pangulo nitong si G. Lilia P. Avellana.

Inaasahang sa mga katulad na gawain ay mapag-iibayo pa ang pagpukaw sa kamalayan ng mga tao, higit sa lahat ay sa mga kabataan laban sa pagsasamantala at pang-aabuso sa ating mga kababaihan at mga kabataan. ***LT IBASCO/ Asdg***

# CNorte tinamaan ng flashfloods

Umabot sa 26,613 na pamilya sa Camarines Norte ang binaha ang mga bahay at ari-arian kung saan nagkaroon ng kabuuang 132,553 apektadong indibidwal dahil sa *flashflood* na dulot nang walang patid na pag-ulan noong Nobyembre 30, 2008.

Sa naturang bilang, nakapagtala ng pinakamaraming naapektuhan ang bayan ng Vinzons na umabot sa 28,605 katao; Paracale-23,455; Talisay - 22,920; Mercedes - 19,610; Daet - 15,655; Labo – 9,878; Capalonga – 6,370; Basud – 3,090; Sta. Elena – 2,290; San Vicente – 430, at; Jose Panganiban – 250 o kabuuang 132,553 katao. Wala namang iniulat na bilang ng biktima ang bayan ng San Lorenzo Ruiz.

Mayroon ding 3 katao na mga nasugatan mula sa bayan ng Paracale, 2 kataong nawawala at 2 ang kumpirmadong namatay. Samantala sa bayan ng Mercedes, 2 katao ang nawawala, 5 ang nasaklolohan at 2 ang kumpirmadong namatay noong kasagsagan ng *flashflood*.

Kaugnay nito, nagdeklara ng *state of calamity* ang mga bayan ng Vinzons, Paracale, Talisay, Mercedes at Daet. Bagama't kakaunti lamang ang bilang ng evacuees ng San Vicente, nagdeklara ito ng *state of calamity* dahil nasira ang limang (5) tulay nito maliban sa iba pang istraktura nito.

Samantala, umabot naman sa 26,278 na kabahayan ang bahagyang nasira mula sa mga nabanggit na bayan dito. Sa may 335 kabahayan na malubhang napinsala *(totally damaged)*, 175 ang mula sa bayan ng Labo; Capalonga – 80; tig-19 mula sa Daet, San Vicente at Talisay; Paracale -12; Vinzons – 9, at; tig-1 mula sa Jose Panganiban at Mercedes.

Tinatayang napinsala nito ang may P150-M imprastraktura ng pamahalaang panlalawigan at ang tinatayang P62-M imprastraktura na nasa ilalim ng pangangasiwa ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)*.

Iniulat naman ng mga bayan ng Labo at Paracale na ang nasirang mga imprastraktura sa kanilang nasasakupan ay umaabot sa halagang P18,300.00, at; P34,150,000.00, ayon sa pagkakasunod.

Sa kabuuang P40,147,100.00 naiulat na halaga ng mga nasirang pananim sa buong lalawigan, naitala ng Labo ang pinakamalaking pinsala sa agrikultura nito na tinatayang umabot sa P25,941,400.00. Sinundan ito ng Daet na nagulat ng may P6,494,000.00 nasirang mga pananim; Paracale – P3,511,800.00, Vinzons – P2,310,000.00, at; Talisay – P1,218,000.00.

Samantala, umabot naman sa P150M ang naiulat na halaga ng pinsala sa mga imprastraktura ng pamahalaang panlalawigan; P62M sa ilalim ng pamamahala ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)*; P34,150,000.00 mula sa Paracale at P18.3M mula sa Labo na umaabot sa kabuuang P264.45M.

Umabot naman sa P113,300.00 na sistemang patubig *(irrigation system)-levels 1 and 2* ang nasira sa naturang pagbaha. Sa halagang nabanggit, P38,500.00 istruktura ang napinsala na nasa ilalim ng pangangasiwa ng *National Irrigation System*; at P74,800.00 sa ilalim ng *communal sytem*.

Dahil sa pagputok ng tubo ng pangunahing linya ng tubig ng *Camarines Norte Water District (CNWD)*, maraming kabahayan at establisimyento sa lalawigan ang nawalan ng suplay ng tubig. Kaagad naman itong inaksyunan ng pamunuan ng *(CNWD)* na nagsagawa ng pagrarasyon ng tubig sa mga apektadong munisipalidad dito. Tumulong din sa pagrarasyon ng tubig ang *Metro Naga Water District, Provincial Government of Camarines Sur, Department of Health, Philippine National Red Cross, Filipino-Chinese Chamber of Commerce, Bureau of Fire Protection,* at iba pang kinauukulang ahensya at organisasyon.

Bilang karagdagan, agad namang namahagi ng mga *relief commodities* ang pamahalaang panlalawigan, pamahalaang nasyonal at iba't-ibang *non-governement organizations (NGOs)* para sa mga nasalanta ng nabanggit na kalamidad. ***LT IBASCO/ASDG***

# Kiwanis Club of Reina Daeteña pinamahalaan ang Poster-Making contest kaugnay ng IDACT sa lalawigan



**LILIA AVELLANA**
**President, Kiwanis Club of Reina Daeteña**

Isinagawa noong Disyembre 11, 2008 ng *Kiwanis Club of Reina Daeteña* na pinamumunuan ng dating *Daet Sangguniang Bayan Member Lilia Avellana* ang isang *Poster-Making Contest* sa *Jarencio Hall, Daet Municipal Compound* na may temang: *"Children, Speak Out! Help Find and Save the Trafficked Child"*.

Ito ay bilang suporta at pakikiisa nito sa mga programa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at ng *Philippines Against Child Trafficking* (PACT) na nakasentro sa kapakanan at kagalingan ng mga kabataan.

Ang naturang patimpalak ay kaugnay sa selebrasyon dito ng *"International Day Against Child Trafficking* na isa lamang sa mga aktibidad na nakapagpapakita ng antas ng kamalayan ng kabataan sa isyu ng *Child Trafficking*.

Layunin nito na mabigyan ng proteksyon at kalinga ang mga kaawa-awang *trafficked children* (kabataang mga kinalakal o pinagkakakitaan ng pera) na sa murang edad ay nagkaroon na ng hindi kanais-nais na karanasan sa buhay. Layunin din nito na maipaalaala sa sangkatauhan na ang mga kabataang biktima ay may normal na kaisipan at damdamin na nagnanais magkaroon nang tahimik, maunlad at normal na pamumuhay. Sila rin ay kabilang sa hanay ng mga kabataan na itinuturing na pag-asa ng bayan kaya dapat silang tulungan upang maging produktibong mamamayan sa hinaharap.

Samantala, ang nasabing paligsahan ay nilahukan ng 10 mag-aaral sa hayskul (paaralang sekondarya) na mula sa Mabini Colleges, *Camarines Norte State College Abaño Laboratory High School (CNSC ALHS), La Consolacion College of Daet (LCCD), Alawihao High School* at *Our Lady of Lourdes College Foundation(OLLCF).*

Ang mga napiling miyembro ng inampalan ay sina Fidel Y. Panotes ng *Provincial Planning & Development Office (PPDO)*, G. Errol P. Abejero, isang guro sa *Department of Education*

*(Sundan sa pahina 6)*

# Mga empleyado ng kapitolyo nagsaya sa kanilang Xmas Party



Pinangunahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang *Christmas Party* ng pamahalaang panlalawigan na isinagawa noong Disyembre 19, 2008 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center.*

Nakiisa rin sa okasyon sina Bise Gobernador Roy A. Padilla, Jr. kasama ang mga kagawad ng Sangguniang Panlalawigan na sina Jonah Pimentel, Arthur Michael G. Canlas, Teresita DL Malubay, Joefrey B. Pandi, at *SK Provincial Federation President*

*(Continued on page 3)*

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| 1 casual Utility worker | | | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |

*SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV*




# Kabihug ng Guisican, Labo pinagkalooban ng malinis na palikuran

Kasalukuyan nang pinakikinabangan ng mga pamilya ng *indigenous people* o mga Kabihug sa Brgy. Guisican sa bayan ng Labo ang 2 *comfort rooms (CRs)* o palikuran na ipinagawa ng *International Alliance for Children (IAC)* sa pamamagitan ng kinatawan nito na si *Executive Director* Jan Nabasa. Ito ay sa pakikipag-ugnayan na rin sa *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO* at kaukulang *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO).*


Tinatayang mabebenepisyuhan nito ang humigit-kumulang sa 38 pamilya ng mga Kabihug sa Brgy. Guisican na regular na nagtutungo sa kanilang *tribal hall* kung saan nakatayo ang naturang palikuran. Mapakikinabangan din ito ng mga *day care children*, Kabihug man o hindi, sapagkat ang *center* ay malapit lang sa palikuran.

Inaasahan na sa pamamagitan ng proyektong ito mapatataas ang kundisyong pangkalinisan at pangkalusugan ng mga tao rito, at mapababa ang bilang ng mga namamatay sa kanilang hanay dulot ng kanilang dating marumi at hindi angkop na palikuran. ***LCD/PSWDO***

Si PSWDO Lorna de Claro kasama sina SP Member Tess Malubay, Labo MSWDO Lorelie Villanueva, PB Wilfredo Endionela at ang mga batang Kabihug ng Guisican, Labo.



# Mga Positibong Reaksyon sa Programa ng PCCSD



*Warden Ramon Dominguez*

Dahil sa mga positibong reaksyong natanggap ng Provincial Custodial Security Services Division (PCSSD) sa Camarines Norte National High School (CNNHS) at San Felipe National High School (SFNHS) tungkol sa mga gawaing may kaugnayan sa *Prison Deterrence Education Program (PDEDP)*, isusulong nito ang pangmatagalang programang tungkol dito na idinisenyo para maiiwas ang mga indibidwal lalo't higit ang mga kabataan na gumawa ng maling desisyon na maaaring magdala sa kanila sa kulungan. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng *Life Decision Program* ng Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ) na may dalawang bahagi: partisipasyon ng mga pamahalaang lokal hanggang sa barangay, at mga *non-government organizations (NGOs)* at *judicial authorities*.

Ang naturang programang pang-edukasyon ay idinisenyo para sa mga kabataang may edad na 17 taon at pataas na nakulong na. Ipatutupad ito sa pakikipagtulungan ng mga paaralan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng serye ng *symposium* sa mga hayskul at kolehiyo sa lalawigan. Ginagawang tagapagsalita rito ang mga kabataang nakulong na para maibahagi nila ang karanasan at makapagbigay ng payo sa mga mag-aaral ukol sa mga negatibong epekto ng mga maling desisyon na ginawa nila katulad ng paggamit ng droga, paginom ng alak, paggawa ng krimen at pagsali sa mga *gangs without fraternities* para magkaroon diumano ng proteksyon na kalimitan ay hindi naman nangyayari at bagkus, nabubulid sila sa paggawa ng mga maling desisyon sa buhay. ***MATILDE C. MANAMPAN***



*Ang Joint Session ng Boys and Girls Officials at ng mga Sangguniang Panlalawigan Members na isinagawa sa SP Session Hall kaugnay pa rin ng selebrasyon ng Boys and Girls Week celebration na itinaguyod ng KIWANIS Club of Daet.*

# Pinakaunang Prov'l. Youth Congress...


*(Continued from page 3)*
*Division Office*.

Nagsilbi namang tagapaglakay sa naturang *1st Provincial Youth Congress* sina *Councilor* Corazon Yuzon-Bacerdo, dating *English Instructor*, at *Board Member* Michael Arthur Canlas na dating *SK Provincial Federation President*.

Ang nasabing aktibidad ay isinagawa ng *SCB-LCCD* sa pakikipag-ugnayan sa *DepEd Division Office* dito at sa pamunuan ng *Central Plaza Mall.*

Bilang karagdagan, ang pamunuan ng *SCB-LCCD* para sa SY 2008-2009 *(high school level)* ay kinabibila-ngan ng mga sumusunod: *governor* – Edmunds Yuzon Jr.; *vice governor* – Kristine Racoma, at mga *board members: 4th year* – Fatima Dylan Padilla, Princess Abogado, Famela Micor at Claudine San Antonio; *3rd year* – Erika Bautista at Abby Sureta; *2nd year* – Modwena Juego at Francie Papares, at; *1st year* – Natalie Rebancos at Jamella Gail Garay.

Sa *elementary level*, nanunungkulan bilang *mayor* si Edson Yuzon, *vice mayor*-Danica Mae Lukban, at *councilors* naman ang mga sumusunod: *Grade* 6 – Camille Garfin, Jocelle Dacudao, Rea Chloe de Mesa at Wynell Lou Paulite; *Grade* 5 – Vincent Arnel Buerano at John Henrick Villan; *Grade* 4 – Mary Nela Aguila; *Grade* 3 – Chayenne Paycana; *Grade* 2 – Danize Marie Lukban, at *Grade* 1 – Patrick Magana. ***ANGEL SDG/ LT IBASCO***




*Ang 1st Provincial Youth Congress na may temang: 'Student Leaders:? Then and Now' na isinagawa sa Central Plaza Mall na nilahukan ng ilang mga mag-aaral mula sa iba't-ibang pribado at pampublikong paaralan dito sa lalawigan.*

# Pahayag ng kabataan...

*(Mula sa pahina 10)*

ganisasyong panrelihiyon, at ang publiko. Kasali rin dito ang 5 pamahalaang lokal ng Tagalog-speaking municipalities na binubuo ng Labo, Paracale, Jose Panganiban, Sta. Elena at Capalonga na karamihan dito ay mga aktibong *day care workers* nito.

Tampok sa mga aktibidad nito ang pagwagayway ng istremer, *motorcade, advocacy parade* mula Provincial Capitol hanggang *Central Plaza Mall*, at mga paligsahan tulad ng *poster-making, essay writing,* at *best radio clips*.

Sa programa nitong isinagawa sa *Central Plaza Mall Atrium*, naging panauhing pandangal at tagapagsalita si Boy Governor Jorge Anthony G. Recodo, ng *Boys and Girls Week Celebration at mag-aaral sa* Vinzons *Pilot High School*. Kasama rito ang Boy Congressman Leonardo I. Mapusao ng Talobatib *National High School* na siyang nagbigay ng *welcome remarks*.

Dumalo rin sa okasyon ang *counterpart* ni Bokal Pamela Pardo-Pujalte na si Boy *Board Member* Limuel V. Panol ng Don Pablo S. Villafuerte High School na siyang naglahad ang pinakamahahalagang nilalaman ng *Resolution No. 564-2008* na may pamagat na *"A Resolution Requesting the Adoption of the Philippine Human Rights Standards for the Protection of the Trafficked Child"* na iniakda ng nasabing Bokal Pujalte. Binasa rin dito ni Boy Board Member Darwin Aboga na *counterpart* ni Bokal Jose T. Segundo ang isa pang resolusyonng iniakda ni Bokal Pamela Pardo-Pujalte, ang SP Res. No. 540-2008 na pinamagatang *"A Resolution Requesting the Supreme Court of the Philippines to Designate Regional Trial Court Branch 40 Exclusively for Family Court Cases only"* na parehong may kaugnayan sa kampanyang isinusulong ng PACT at ng pamahalaang panlalawigan.

Nagbigay naman ng *inspirational message* si Bokal Teresita DL. Malubay, C*hairperson, SP Committee on Women and Family*.

Pinangunahan nina Community Affairs Officer IV at PACT National Secretary Purita P. Briñas, Bokal Malubay, *Daet Lions Club President* at *General Services Officer* Jose Rene G. Ruidera, DPA, at, Mrs. Nelie Abes, Pangulo ng *Soroptimist International (SI)-Daet*, at ni Kiwanis Club of Reina Daeteña President Lilia P. Avellana ang pagbibigay ng mga papremyo sa mga nanalo sa nabanggit na mga paligsahan.

Matatandaan na ang pagpapatupad ng *Republic Act 9208* o mas kilala bilang "*Anti-Trafficking in Persons Act of 2003*" ay itinuturing na mas magiging epektibo kung ang bawa't mamamayan ay magkakaisa at samasamang kikilos upang labanan ang mga grupong sangkot sa *child trafficking* o pagluluwas ng mga kabataan para gawing mga manggagawa sa mga pabrika, minahan, gawing busabos at/o dili kaya'y gamitin sa pornograpiya, pagbentahin ng panandaliang aliw, pagbentahin ng ipinagbabawal na gamot, papagnakawin, at iba pang mga iligal na gawain.

Karaniwang nagiging biktima nito ay ang mga mahihinang (vulnerable) sektor ng lipunan tulad ng mga kababaihan at kabataan na karamihan ay nabibilang sa mahihirap na pamilya at kulang sa pinag-aralan na madaling makumbinsi ng mga *illegal recruiters* dahil sa pangakong maayos na trabaho at mataas na pasahod na hindi naman natutupad.

Dahil dito, pinaiigting ng pamahalaan at pribadong sektor ang kampanya kontra sa *child trafficking* upang maprotektahan ang mga ito at magkaroon sila ng normal at matiwasay na kinabukasan.

Bilang karagdagan, ang selebrasyon dito ng *IDACT* ay matagumpay na itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Community Affairs Office at PACT at sa pakikipagtulungan ng mga sumusunod: PSWDO, PCWC, *Municipal Social Welfare and Development Offices (MSWDOs), Museum, Archival & Shrines Curation Division* (MASCD-GO); *Department of Education (DepEd), Department of Labor and Employment (DOLE), Philippine National Police (PNP), Kabalikat Civicom, Department of Interior and Local Governments (DILG), Soroptimist International-Daet Chapter, Good Hands Foundation, Kiwanis Club of Reina Daeteña, Daet Lions Club* at iba pang mga samahan na sumusuporta at nagtataguyod sa mga kampanya at programa para sa pagsugpo sa paglaganap ng *child trafficking* sa bansa. ***LT IBASCO***




# Mga bata...

*(Mula sa pahina 3)*

pa kung tungkol sa kapakanan ng sarili at kapwa bata.

Kapag malinaw ang mga paraan ng pagkilala sa mga batang biktima, sila mismo ang makatutulong sa pag-alam kung may mga nawawala ba sa komunidad, o kung may mga bata na nagpapakita ng mga senyales ng *human trafficking* at pagsasamantala.

Ang mga bata ay may karapatang makilahok sa mga pag-aaral tungkol sa *child trafficking*, mapakinggan ang kanilang mga opinyon, magsagawa ng plano, makasama sa mga gawaing media at mga sama-samang pagkilos para hanapin at sagipin ang mga batang biktima ng *trafficking*.

- Palakasin ang pagtutulungan ng mga bata at nakatatanda para kilalanin at sagipin ang biktima ng *child trafficking*.
- Magsagawa ng talakayan sa mga bata. Kunin ang kanilang mga mungkahi kung paano mahahanap at masasagip ang mga batang biktima.
- Hayaan silang maging tagapagsalita kung paano mahahanap at masasagip ang mga biktima.
- Suportahan ang pagkilos ng mga bata sa paghahanap ng mga biktima tulad ng pagbisita sa mga bahay-bahay, miting ng mga bata, teatro sa mga komunidad, palabas sa mga paaralan, atbp.
- Ang mga batang nasagip at nakaahon mula sa iba't-ibang uri ng *trafficking (domestic labor, child labor, sexual exploitation*, atbp.) ay maaaring magsagawa ng **nagkakaisang panawagan** kung paano mahahanap at masasagip ang mga batang biktima.

Gamitin ang malikhaing pamamaraan ng mga bata gaya ng pagdrowing, pagpipinta, drama, musika at sayaw para mapalaganap ang impormasyon sa paghahanap ng mga batang biktima.

PAANO MAHAHANAP ANG MGA BATANG ITINATAGO?

Naririto ang ilang paglalarawan ng kalagayan ng biktima ng *child trafficking*. Bagamat ang pagkakaroon ng mga sitwasyong ito ay hindi tiyak na ebidensya ng krimen, maaari nang magsagawa ng imbestigasyon para matiyak kung totoo o di totoo ang pag-iral ng *child trafficking*.

MAAARING MAKILALA ANG BATANG BIKTIMA NG *CHILD TRAFFICKING* SA MGA SUMUSUNOD:

- Kapag ang bata ay nalilito o di malaman kung paano sila nakarating sa isang lugar
- Walang alam sa kinalalagyang kapaligiran o komunidad
- Di alam ang *address* ng tirahan at ng trabaho
- May mga indibidwal na kumukontrol sa pakikipag-usap ng bata sa ibang tao
- Inaalagaan ng mga tao na di-malinaw kung kamag-anak ba o hindi
- Hindi marunong ng lokal na lengguwahe
- Hindi na nag-aaral
- Namamalimos at kasangkot sa krimen
- Walang komunikasyon sa mga magulang o kamag-anak
- Parang laging natatakot at mailap sa tao
- Natatakot o walang tiwala sa awtoridad
- Walang mga kaibigan na kapwa bata
- Walang panahon para maglaro
- May trabaho na di-angkop sa bata
- Naglalakbay ng walang kasamang nakatatanda
- Naglalakbay kasama ang mga taong hindi naman nila kamag-anak
- May kasamang matandang "boyfriend"
- May mga sugat, pasa, sunog at iba pang pinsala sa ulo, mukha, bibig at iba pang parte ng katawan
- May mga sakit gaya ng STD (*sexually transmitted disease*) o impeksyong dulot ng maruming kapaligiran
- Walang *passport* o iba pang *travel documents*
- Peke ang passport at ID
- Di makapagsalita para sa kanyang sarili at hinahayaang magsalita ang iba para sa kanya
- Walang laya na makipag-usap sa iba
- Walang suweldo o maliit ang sinasahod
- Galing sa mga kilalang lugar na pinagmumulan ng maraming biktima ng *trafficking*

KUNG MAKATAGPO KAYO NG MGA BATANG POSIBLENG BIKTIMA NG *CHILD TRAFFICKING*, IPAGBIGAY-ALAM AGAD SA:

- Pulis
- Pamunuan ng barangay
- *Social worker* ng lokal na pamahalaan
- *a*t mga ahensiyang miyembro ng *Inter-Agency Council Against Trafficking*

***Terre des Hommes-Netherlands (TdH- NdL) Philippines Against Child Trafficking (PACT)***
*Rm.316,3/F, Philippine Social Science Center, Commonwealth Ave. QC.*
**Tel # (632) 929-03-47**
**Email: philippinecam-**


Purita P. Briñas, CAO IV

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


JORGE ANTHONY G. RECODO
*Boy Governor, VPHS*

# Pahayag ng kabataan tampok sa IDACT

Pinangunahan ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Community Affairs Office at ng Philippines Against Child Trafficking Camarines Norte -Iriga City Cluster ang pagdiriwang ng *International Day Against Child Trafficking (IDACT)* noong Disyembre 12, 2008 na nakatuon sa temang: *"Children, Speak Out! Help Find and Save the Trafficked Child"*.

Nakiisa sa naturang selebrasyon ang Area 1 na binubuo ng 7 pamahalaang lokal ng Bicol-speaking municipalities na binubuo ng Daet, Basud, Vinzons, Mercedes, San Vicente, San Lorenzo Ruiz at Talisay at kabilang dito ang mga pambansang ahensya at tanggapan, mga kinauukulang pansibikong samahan at or-

*(Sundan sa pahina 9)*










***Ang selebrasyon ng International Day Against Child Trafficking noong ika – 12 ng Disyembre dito sa lalawigan na ginanap sa Central Plaza Mall Atrium, at ng mga taga Tagalog-speaking municipalities na nilahukan ng iba't ibang NGOs' at mga kawani sa mga tanggapang panlokal o nasyonal man sa Camarines Norte.***

# Manny Pacquiao pinapurihan sa lalawigan

Ipinasa ni Bise Gobernador Roy A. Padilla Jr. ang kanyang iniakdang Resolusyon Blg. 553-2008 na nagpapaabot ng pagbati ng Lalawigan ng Camarines Norte kay Mr. Manny 'Pacman' Pacquiao dahil sa kanyang matagumpay na panalo sa laban nila ni Oscar dela Hoya noong Disyembre 7, 2008 na tinawag na *'Dream Match'*. Kasama na rito ang taus-pusong pasasalamat para sa karangalang ibinigay nito sa bansa bilang pinakamagaling at numerong *pound-for-pound boxer* sa mundo sa larangan ng larong boksing.

Ang naturang resolusyon ay inaprobahan noong Disyembre 11, 2008 sa *joint session*

*(Sundan sa pahina page 4)*




Ang laban ni Pambansang Kamao Manny Pacquiao kay Oscar dela Hoya kung saan pinasuko ng pambansang kamao ang golden boy sa ika– siyam na round ng kanilang bakbakan. (Photo grab from pinoyambisyoso.com)

# Manigong Bagong Taon